KARAPATAN MO*

Lyrics By Vim Nadera
Music by Paul V. Pena

Karapatan mo ang tamang pagsilang.
Karapatan mo ang buhay pang-mag-anak.
Karapatan mo ang lunang pagkatao ay pinauunlad.
Karapatan mo ang yaman ng kalusugan.

Karapatan mo ang alagaan nang may moralidad.
Karapatan mo ang mabuting pag-aaral.
Karapatan mo ang wastong paglilibang.
Karapatan mo ang sa mapagsamantala iligtas.

Karapatan mo ang tulong at talima ng pamahalaan.
Karapatan mo ang estadong matulungin at matapat.
Karapatan mo ang pamahalaang patas at parehas.
Karapatan mo ang lumaking may tungkulin at kalayaan.

Karapatan mo ang lahat ng nabanggit sa itaas.
Karapatan mo ang karapat-dapat na karapatan.
Karapatan mo ang mga iyan anuman ang kasarian o simbahan.

Karapatan mo, kapwa ko, kahit ikaw mismo ang lumabag sa batas.

*Rights of the Child.